Discover • Understand • Apply

GROWING IN SANCTIFICATION

# BIBLE STUDY

## Mga Taga-Efeso 4:25-32

SMALL GROUP SESSIONS

Hunyo 4-11, 2022



Kamuning Bible Christian Fellowship

# Mga Taga-Efeso 4:25-32

## Take Home Principle




PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON




# Mga Taga-Efeso 4:25-32

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)


25 Dahil dito, itakwil na natin ang
pagsisinungaling at tayong lahat ay
magsabi ng totoo sa isa't isa, sapagkat
tayo'y bahagi ng iisang katawan. 26 Kung
magagalit man kayo, iwasan ninyo ang
kayo'y magkasala. Huwag ninyong
hayaang lumubog ang araw na galit pa rin
kayo. 27 Huwag ninyong bigyan ng
pagkakataon ang diyablo.

# Mga Taga-Efeso 4:25-32

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)



28 Ang magnanakaw ay huwag nang
magnakaw; sa halip, magtrabaho siya
nang marangal para sa sariling
ikabubuhay at makatulong sa mga
nangangailangan. 29 Huwag kayong
gumamit ng masasamang salita kundi
iyong makapagpapalakas at angkop
sa pagkakataon upang makapagdulot
ng mabuti sa mga nakakarinig.



# Mga Taga-Efeso 4:25-32

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

30 At huwag ninyong saktan ang kalooban ng
Espiritu Santo, sapagkat siya ang tatak ng
Diyos sa inyo, ang katibayan na kayo'y
tutubusin pagdating ng takdang araw. 31 Alisin
na ninyo ang lahat ng sama ng loob, poot at
galit; huwag na kayong mambubulyaw,
manlalait at mananakit ng damdamin ng
kapwa. 32 Sa halip, maging mabait kayo at
maawain; magpatawad kayo sa isa't isa tulad
ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos dahil kay
Cristo.

# Mahalagang
## Prinsipyo sa Buhay

"Ako ay mamumuhay nang matuwid at may kabanalan, ayon sa bagong buhay na ibinigay sa akin ng Panginoong Hesukristo, at hindi ayon sa aking likas na makasalanang sarili."



PAGTUKLAS

Mga Taga-Efeso 4:25-32

# QUESTION 1

Pinaalalahanan ni Apostol Pablo ang mga mananampalataya sa Efeso tungkol sa kanilang mga pag-uugali na hindi naaayon sa bagong buhay nila bilang mga anak ng Diyos. Anu-ano ang mga ito?

# QUESTION 2

Anu-ano ang mga hinimok ni Apostol Pablo na kanilang gawin bilang mga taong binago na ni Kristo?



## PAGTUKLAS

**Mga Taga-Efeso 4:25-32**

# QUESTION 1

Paano natin sinasaktan ang kalooban ng Banal na Espiritu?



## PAG-UNAWA

**Mga Taga-Efeso 4:25-32**



# QUESTION 2

Ano ang mangyayari sa atin kung patuloy tayong mamumuhay ayon sa ating likas na makasalanang sarili at patuloy nating sinasaktan ang kalooban ng Banal na Espiritu?


## PAG-UNAWA

Mga Taga-Efeso 4:25-32



PAG-UNAWA

Mga Taga-Efeso 4:25-32



# QUESTION 3

Sa iyong palagay, bakit mahalaga na tayo ay mamuhay nang matuwid at may kabanalan, na hindi katulad ng ating dating makasalanang pamumuhay?

**Recommended reading:** Grieving the Holy Spirit. Sermon by Charles H. Spurgeon on October 9, 1859. Retrieved from www.spurgeon.org



# QUESTION 1

Ilarawan mo ang iyong lumang sarili at lumang pamumuhay, at ang iyong bagong sarili sa bagong pamumuhay na iyong natutunan kay Hesukristo. Purihin mo ang Diyos sa mga magandang pagbabago sa iyong ugali at pamumuhay sa tulong ng Banal na Espiritu.

## PAGTUGON

Mga Taga-Efeso 4:25-32





# QUESTION 2

Ikaw ba ay nanlalamig sa iyong buhay espiritwal, at nanunumbalik sa iyong dating pamumuhay? Ang ating pakikibaka sa ating likas na makasalanang sarili ay tunay at hindi biro. Anu-ano ang iyong ginagawa/magagawa araw-araw upang mapagtagumpayan ang pakikibakang ito at makapamuhay nang matuwid at banal?

## PAGTUGON

Mga Taga-Efeso 4:25-32





HAMON

# HAMON

Kabisaduhin ang 2 Taga-Corinto 5:17 - “Kaya’t kung ang sinoman ay na kay Cristo, siya’y bagong nilalang; ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila’y pawang naging mga bago.” at ang Galacia 2:20 - “Kaya hindi na ako nabubuhay ngayon kundi si Cristo na ang nabubuhay sa akin. At ang buhay ko ngayon sa katawan ay ikinabubuhay ko sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Diyos na nagmahal sa akin at naghandog ng kanyang sarili para sa akin.” Ipahayag mo ang mga Banal na kasulatan na ito sa tuwing ikaw ay natutuksong bumalik sa iyong dating makasalanang pamumuhay.

# Ephesians 4:25-32

## Take Home Principle



PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON

# Mahalagang
## Prinsipyo sa Buhay

"Ako ay mamumuhay nang matuwid at may kabanalan, ayon sa bagong buhay na ibinigay sa akin ng Panginoong Hesukristo, at hindi ayon sa aking likas na makasalanang sarili."

Small Group Sessions

# CLOSING PRAYER



Discover • Understand • Apply

GROWING IN SANCTIFICATION

# BIBLE STUDY

## Mga Taga-Efeso 4:25-32

SMALL GROUP SESSIONS

See You Next Week!



Kamuning Bible Christian Fellowship

# KBCF

kbcf.org.ph | KBCFofficial | KBCFamily | kbcf.office@gmail.com | 0917-886-6650 | 8927-7420 | 8928-6584